

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pinapalawak ng Brampton Animal Services ang suporta sa komunidad sa pamamagitan ng Emergency Pet Food Pantry

BRAMPTON, ON (Enero 14, 2022) – Inilunsad ng Brampton Animal Services ang Emergency Pet Food Pantry para suportahan ang mga may-ari ng pet o alagang hayop sa Brampton na nangangailangan ng pagkain para sa alagang hayop, cat litter, at karagdagang napakahalagang mga suplay para sa hayop.

Naglalayon ang Emergency Pet Food Pantry na suportahan ang mga may-ari ng pet saanman mula sa isang linggo hanggang isang buwan na mga suplay sa pet bawat pagkakataon, depende sa pangangailangan at donasyon. Nakipagtulungan ang Brampton Animal Services sa lokal na PetValu at FreshCo para makatulong na gawing posible ang inisyatibang ito.

Iniiimbithan ang mga Negosyo na suportahan ang Emergency Pet Food Pantry sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.458.5800 o pag-email sa animal.services@brampton.ca.

Maaaring mag-donate ang mga residente ng nakaselyo, tuyo o de latang mga pet food para sa mga pusa, aso at iba pang mga maliliit na hayop sa Brampton Animal Shelter, na matatagpuan sa 475 Chrysler Drive. Para sa talaan ng kinailangang mga item, bisitahin ang Brampton Animal Services [Amazon Wish List](#) o ang [Facebook page](#) ng Brampton Animal Services.

Ang mga may-ari ng pet na nangangailangan ay maaaring mag-access sa Emergency Pet Food Pantry sa pamamagitan ng pagtawag sa 905.458.5800 para makipag-usap sa isang kinatawan ng Animal Services, mag-email sa Animal.Services@brampton.ca, o [magsumite ng isang form online](#). Ipapakita ng Brampton Animal Services ang mga item at magbibigay ng mga tagubilin sa pag-pick-up. Hinihiling ang mga may-ari ng pet na isama ang mga detalye tungkol sa kanilang pet, tulad ng uri ng mga pet na meron sila, ilang pet ang meron sila at ang edad ng kanilang mga pet, kung nangangailangan ang kanilang mga pet ng kibble o de latang pagkain, at anumang karagdagang mga suplay na maaaring kakailanganin nila para makatulong sa pangangalaga ng kanilang mga pet.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Emergency Pet Food Pantry, bisitahin ang www.brampton.ca/animalservices.

Mga Quote

“Ang Emergency Pet Food Pantry -ng Brampton Animal Services ay susuporta sa mga may-ari ng pet na nangangailangan sa buong Brampton ng mga mahalagang suplay para pangalagaan ang kanilang mga pet, lalo na nitong mahirap na panahon. Panatilihin nating magkakasama ang mga pet at pamilya—hinihikayat ko ang mga nangangailangan na makipag-ugnayan sa aming team”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Emergency Pet Food Pantry ay nagpasama-sama sa komunidad para ibahagi ang mga resource at panatilihin masaya at malusog ang mga pet sa Brampton. Ang tagumpay ng inisyatibang ito ay nakadepende sa pagka-mapagbigay ng komunidad. Ang mga Negosyo at residente na makakasupporta sa programa ay iniimbithang mag-donate ng napakahalagang mga suplay sa alagang hayop.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4; Chair, Legislative Services, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa ating mga donor at partner na ginawang posible ang Emergency Pet Food Pantry. Ang inisyatibang ito ay isang mahalagang parte ng pagpapanatili sa ating buong komunidad na malusog at ligtas nitong mahirap na panahon. Kung nangangailangan kayo ng suporta para sa inyong mga pet, mangyaring makipag-ugnayan.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Vice-Chair, Legislative Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Animal Services ay dedicated sa pagbibigay ng pangangalaga at proteksyon sa lahat ng mga hayop sa ating magandang lungsod. Ang Emergency Pet Food Pantry ay susuporta sa maraming may-ari ng pet sa pagbibigay para sa kanilang mga pet, at pagtiyak na ang kanilang mga pet ay mananatiling masaya at malusog.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca